# Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 23, 2022

## ST308. SOTERIOLOGY: 8. Justification 2 of 3 ©

### Justification - Ang Pagwawalang-sala

Ang justification o pagwawalang-sala ay ang doctrina na pagbaba ng verdict na "not guilty." Mayroong pagsusuri, paglilitis pagkatapos ay ang justification ang verdict na *not guilty*. Ang kabaliktaran nito ay ang verdict na *guilty* which is condemnation.

The study of justification ay ang pag-aaral ng tatlong Bible passages. Punta tayo ngayon sa Galatians 2:15-3:14

### B) Galatians 2:15-3:14

Noong panahon ni Paul na nasa missionary journey siya, nagtuturo siya sa mga churches doon sa Galatian region, hindi niya alam na mayroon palang sumusunod sa kanya na mga Judaizers, mga legalists na mga Judio na tumanggap din kay Cristo. Sinabi nila, oo Messiah iyan pero kailangang pa rin nating sundin ang batas ni Moses para tayo maligtas. Ito ay hindi tama. We are saved by faith and by faith alone. Dito sa Galatians, mauunawaan natin kung bakit inulit na naman ni Apostol Pablo ang discurso niya sa Romans. Kasi hindi pa naman naririnig ng mga taga-Galatia ang katuruan na iyon. Makikita natin ang consistency ng teaching ng *doctrine of justification.* Hindi ito nagbabago kaya kahit mayroong nagsasabi na, Hindi, kailangan sundin natin ang pinag-uutos ni Moses. Kailangan ma-circumcise pa ang mga lalaki, ito ang batas. So pag-alis ni Paul, papasok ang mga Judaizers at ginugulo ang pananampalataya ng mga nagtiwala na kay Cristo na mga tumanggap na ng gospel. Kaya ang bungad ng letter ni Paul sa Galatians ay *Foolish Galatians!* Kailangan natin maunawaan na sa ating panahon, nagtuturo tayo ng katotohanan pero katulad din ng panahon ni Paul, pagkatapos nating makinig ng katotohanan, mayroong papasok na mga bulaang pastor at propeta na bubulong-bulong sa atin na "mali yan, ito ang tama." Iyon ang mga heresies. Sabi ng Lord, maraming bulaang propeta, lalo na pag malapit na Siyang bumalik kaya tayo nagdo-double time na maituro natin ang katotohanan kasi ito ang dahilan kung bakit ako nagtuturo at naniniwala na ito ang mandato ng Panginoon sa akin dahil ang ating mga kapatiran ngayon ay kulang sa kaalaman ng katotohanan. Hindi nila kayang ipagtanggol ang kanilang pananampalataya kapag mayroong nagtuturo ng kasinungalingan, tahimik na lang ang mga tunay na Cristiano dahil hindi nila alam kung paano ipagtanggol ang gospel. Katulad din ng mga Galatians. Kaya sinabi ni Paul, "Oh foolish Galatians! Tinuro ko sa inyo ang katotohanan ng gospel, eh bakit naniniwala kayo ngayon sa ibang gospel na tinuturo ng mga iyan?"

Sa Galatians 2:15-16, ito ang sinabi niya, *We ourselves are Jews by birth and not Gentile sinners; yet we know that a person is not justified by works of the law but through faith in Jesus Christ, so we also have believed in Christ Jesus, in order to be justified by faith in Christ and not by works of the law, because by works of the law no one will be justified.* Napakaliwanag! Ito ay consistent with his teachings sa mga taga Roma, of course it is the Holy Spirit who was superintending iyong mga pagsusulat ni Apostle Paul. Maliwanag ang sinabi ni Paul na walang tao ang mapa-wawalang-sala sa pamamagitan ng batas; na ang pagpapawalang-sala ay nakakamtan lamang sa pamamagitan ng pananalig kay Cristo. So we are justified

by faith in Christ at hindi ng gawain ng batas. So kapag sinunod mo ang batas, you are doing right, doing God's will, you are doing good. You are doing what is pleasing to God. Kaya ang pinabubulaanan sa discourse na ito ay ang righteousness that comes from the law at doing of good works to become righteous; dahil obedience sa law iyon. Kaya nga iyong puno ay tinawag na "the knowledge of good and evil." Kaya malalaman natin ang mabuti, ang kalugod-lugod sa Diyos – iyong nagbibigay kasiyahan sa Kanya – at iyong tama, according to His will. Ang discurso dito ni Paul gamit ang law is against justification by obedience to the law and also performance of good works. Because by works of the law no one will be justified. Maliwanag na maliwanag.

Sa kanyang pagpapatuloy, 2:17-21, *But if, in our endeavor to be justified in Christ we too were found to be sinners, is Christ then a servant of sin? Certainly not! For if I rebuild what i tore down, i prove myself to be a transgressor.* (Medyo may kabigatan ang statement na ito sapagkat ang mga makasalanang tao katulad natin, we build someone only to, later on, destroy that person. Instead of helping others, you put them down. Lalo na tayong mga Pilipino, galing tayo sa kaugalian na ang tawag ay crab mentality. Ito ay disease. Ayaw kong makita kang nilalamangan mo ako. Kaya napakahirap para sa atin to build somebody up. Mas gusto pa natin na ibaba ang mga umaangat sa atin. Maski sa gawain ng Panginoon, makikita natin na sa halip na cooperation, competition ang nangyayari – paramihan ng number of members, paramihan ng number of churches. Iyan ang resulta ng ating pagkakaroon ng crab mentality. Pero panahon na para maalis iyan sa atin and the only way to do that is to teach the word of God. Teach what is truth. Kung hindi natin alam ang katotohanan, madali tayong mapaglinlangan ng kaaway). *For through the law i died to the law*, (we are no longer under the law) *so that i might live to God* (mga desires ko na godly before ay vibrant ulit, na rejuvinate. Alive ulit ang aking mga godly desires. Now i can live for God). *I have been crucified with Christ. It is no longer i who live, but Christ who lives in me. And the life i now live int he flesh i live by faith in the Son of God, who loved me and gace Himself for me. I do not nullify the grace of God, <u>for if righteousness were through the law, then Christ died for no purpose</u>.* Magandang argument iyan, eh kung maliligtas din naman tayo, kung mapapawalang-sala tayo through obedience sa law, bakit pa namatay si Cristo? Balewala ang pagkamatay ni Cristo o hindi pala sapat dahil dadagdagan mo ng good works, dadagdagan ng iyong obedience; ng tama at mabuting ginawa mo. Iyon ang sinasabi ni Paul, hindi balewala ang pagkamatay ni Cristo at completo ang appeasement, ang propitiation na ginawa Niya, ang redemption, reconciliation na ginawa na Niya. Napag-reconcile na Niya tayo sa Diyos, ano pa ang kailangang idagdag kung completo na nga?

Sabi niya sa pagpapatuloy, 3:5-7, *Does he who supplies the Spirit to you and works miracles among you do so by works of the law, or by hearing with faith – just as Abraham "believed God and it was counted to him as righteousness"? Know then that it is those of faith who are the sons of Abraham.* Kung natatandaan ninyo ang pagtatalo noon na kine-claim ng mga Pariseo na sila ay mga anak ni Abraham. Sabi ng Lord, kung anak kayo ni Abraham, hindi ninyo papatayin ang Messiah na sinugo ng Diyos. Maaaring nangyayari ito sa ating panahon ngayon, baka kailangang bantayan natin ang ating puso na mandaraya. Sabi ni Prophet Jeremiah, the heart is deceitful above all else. Baka mayroon tayong iniisip na masama sa ating kapwa pastor because of jealousy, or envy. Naka kawala iyon, na kamuhian natin ang iba dahil sa kanilang achievement. Ito ang sinasabi sa atin ni Paul na those of faith ay iyon ang mga tunay na anak ng Diyos. Sila ang mga nagtitiwala sa salita ni Cristo. Hindi sila nagpapaligaw o nahuhulog sa mga feelings, emotion ng tao o iyong mga katuruan na baligtad o pilosopiyang baligtad.

Sa pagpapatuloy, 3:11-14, *Now it is evident that no one is justified before God by the law, for "The righteous shall live by faith." But the law is not of faith, rather "The one who does them shall live by them."* Mahalaga ito para sa atin who had been justified – alam na natin iyon na we have been justified by faith

– pero ang ating pamumuhay will still be righteous kung namumuhay tayo by faith. Nangyayari rin sa atin na matapos nating ma-satisfy ang ating sarili, na by faith ang aking pananampalataya kay Cristo. Ako ay na-justify na; it is by faith alone. Pero the way we live ay parang, ah, okay ako dahil nakakasunod ako sa batas. And you rejoice because you are able to obey the law. Iyon ang pagtingin mo sa righteousness mo. Tatanggapin ako ng Diyos dahil sa aking pagsunod sa batas. Mag-ingat tayo! Kailangan ang ating pamumuhay ay still by faith. Naniniwala tayo sa sinasabi ng banal na Kasulatan, na kaya natin ginagawa ang isang bagay, it's because it is God's will. Hindi dahil makakapuntos tayo. Kaya ang sinasabi dito ni Paul ay, the righteous shall live by faith. We shall live by faith and not by sight. Kaya patuloy tayong namumuhay na alam nating ang ating ginagawa ay kalooban ng Lord. Kaya natin ito ginagawa ay dahil we love the Lord. Ito ang ating motivation and not to score points. *Christ redeemed us from the curse of the law by becoming a curse for us – for it is written, "Cursed is everyone who is hanged on a tree" – so that in Christ Jesus the blessing of Abraham might come to the Gentiles, so that we might receive the promised Spirit through faith.*

Parang paulit-ulit na dito si Apostol Pablo. Kaya naman dapat na maliwanag na sa lahat, sa bahaging ito ng ating pag-aaral, ang mga sumusunod patungkol sa doctrina ng pagpapawalang-sala:

a) Ipinahayag ng Diyos sa tao kung paano makapamumuhay ayon sa Kanyang kalooban at para sa Kanyang kasiyahan at ito ay sa pamamagitan ng Kanyang batas.
b) Wala ni isang tao sa balat ng lupa ang namumuhay ayon sa kalooban ng Diyos at para sa kasiyahan ng Diyos. Samakatuwid ang tao ay nabubuhay lamang ayon sa sariling kalooban at para sa sariling kasiyahan.
c) Ang batas ng Diyos ang nagdedeclara na ang lahat ay "guilty" o nagkasala at walang nakaaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.
d) Mayroong paraan ang Diyos kung paano magiging matuwid ang tao, na walang kinalalaman sa pagsunod o pagsuway sa batas. Ang pagiging matuwid na ito ng makasalanang tao ay mararanasan sa pamamagitan ng pananalig kay Jesus.
e) Ang libreng pagpapawalang-salang ito ay isinagawa ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananalig kay Cristo Jesus na Siyang nagbuhos ng Kanyang dugo para sa ikahuhugas ng kasalanan ng tao.
f) Ang paraang ito nga ay sa pamamagitan ng pagtitiwala, pananalig o pananampalataya lamang at hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa batas.

## I. Multiple Choice

1. Ang mga Juadizers ay mga legalists na Judio na tumanggap din kay Cristo
   a. At nagsasabing dapat din sundin ang batas ni Moses para maligtas.
   b. At nagsasabing si Cristo lamang ang dapat pagtiwalaan sa kaligtasan.
   c. At nagsasabing si Cristo at batas ng circumcision ang makapagliligtas.

2. Ayon sa Galatians 2:15-16, tayo ay napawalang sala sa pamamagitan ng
   a. Gawa ng pagsunod sa mga batas
   b. Pananampalataya kay Jesu Cristo
   c. Pananampalatayang may kasamang gawa

3. Ayon sa mga nabasa na, ang mabuti ay
   a. Yaong ayon sa kalooban ng Diyos
   b. Yaong nagbibigay kasiyan sa Diyos
   c. Yaong ayon sa salita ng Diyos

4. Ayon sa Galatians 2:20, tayo ay pinako na kasama ni Cristo kaya
    a. Tayo ay nabubuhay na para sa ating sarili.
    b. Maaari na tayong mabuhay ng may kalayaan.
    c. Hindi na tayo ang nabubuhay kundi si Cristo na nabubuhay sa atin.

5. Kung tayo ay mapapawalang-sala sa pamamagitan ng pagsunod sa batas,
    a. makakatulong ito sa ating kaligtasan.
    b. walang saysay ang pagkamatay ni Cristo sa Kalbaryo.
    c. maaari tayong maging matuwid sa harap ng Diyos.

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC. • 2015 •

© Revised May 23, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.